Mga patakaran ukol sa pamumuhay sa evacuation area

Limitado ang lugar at maraming tao ang sama-samang namumuhay sa loob ng evacuation area. Kaya hinihikayat ang lahat, mga hapon man o dayuhan, na sundin ang mga patakaran at tamang asal at makipagtulungan sa isa’t-isa.

Ano ang evacuation area	Ito ay isang pook na kung saan maaaring lumagi at mamuhay nang pansamantala ang mga taong nawalan ng tirahan at hindi magawang mamuhay sa sariling tahanan sanhi ng pagkasira at iba pa mula sa isang kalamidad.
Pangangasiwa sa evacuation area	Ang pagbukas at operasyon ng evacuation area ay isinasagawa ng organisasyon o samahang namamahala sa evacuation areas, na kinabibilangan ng mga residente sa lokalidad, township at iba pa. Hinihikayat ang lahat na makipagtulungan sa mga gawain ng samahang ito at maging masigasig sa pagsali sa operasyon o pangangasiwa.
Pangkalahatang patakaran at tamang asal habang namumuhay sa evacuation area	Panatiliin ang diwa ng pagtutulungan sa kapwa sa pamumuhay.
	Sundin ang mga patakaran upang mapanatili ang katiwasayan sa pamumuhay.
	Pakibigyan ng konsiderasyon ang mga matatanda, may alagang sanggol, mga may kapansanan sa katawan at iba pa.
	Ipaalam agad kung masama ang pakiramdam o kalagayan ng sariling katawan. Kung may mga tao sa paligid na sumama ang pakiramdam, ipaalam ito sa samahang nangangasiwa sa evacuation area.
	Huwag pumasok sa silid na kung saan nagkalat ang mga basag na salamin mula sa bintana at iba pang mapanganib na bagay pati mga silid na may markang “bawal pumasok".
	Hinihikayat ang mga dayuhan na maging masigasig sa pamamahagi ng impormasyon sa ibang dayuhang evacuees na nakakapagsalita ng parehong wika.
	Bukod pa rito, kumunsulta sa samahang nangangasiwa sa evacuation area kapag may mga bagay na hindi alam o hindi maintindihan.
Pagkain / Goods Supply	Sumunod sa tamang turno o ayos sa oras ng pamamahagi ng pagkain at iba pa.
	Sa oras na magkaroon ng kakulangan sa supply ng pagkain at iba pa, bibigyang prayoridad ang pamamahagi sa mga sanggol, mga kabataan, mga buntis at may kapansanan sa katawan at iba pa, kaya hinihikayat ang kooperasyon ng lahat.
	Ang pamamahagi ng pagkain ay ginagawa sa itinakdang oras. Kailangang ipakita ang registration card para sa evacuation area sa oras ng pamamahagi.
	Ipinamamahagi ang pagkain ng sanggol, powdered milk, lugaw, disposable diapers at iba pa, kaya kumunsulta sa samahang nangangasiwa sa evacuation area kung nais tumanggap nito.
Paggamit ng living space	Ang paggamit sa living space ay binubukod sang-ayon sa sambahayan, township at iba pa.
	Pakitanggal ang putik at iba sa sapatos pagbalik sa loob ng evacuation area mula sa labas. Bukod pa rito, pakitanggal ang sapatos sa loob ng living space upang bigyang konsiderasyon ang kalinisan.
	Sa gabi, ingatan na huwag magising ang iba sa pagtulog.
Tungkol sa alagang hayop	Hindi maaaring dalhin sa loob ng evacuation area ang alagang aso, pusa at iba pa. Pakilagay ang alagang hayop sa pook na itinakda ng samahang nangangasiwa sa evacuation area.
Pagprotekta sa privacy	Bigyan ng konsiderasyon ang privacy at iwasang pumasok sa lugar ng ibang tao nang walang pahintulot o sapat na dahilan.
Paglilinis	Panatiliin ang kalinisan sa loob ng evacuation area at makipagtulungan sa lahat sa paglilinis nito.
	Ang mga basura mula sa loob ng evacuation area ay kailangang itapon sa itinakdang lugar.
Kubeta	Sundin ang itinakdang paraan ng paggamit pagkatapos gamitin ang temporaryong kubeta tulad ng pagbanlaw ng tubig sa toilet bowl at iba pa, at panatiliin ang kalinisan ng paligid.
Pag-iwas sa sunog	Ipinagbabawal ang paggamit ng apoy at paninigarilyo sa living space. Ang paninigarilyo ay kailangang gawin sa itinakdang lugar.
Tungkol sa paggamit ng telepono	Para sa mga tawag sa cellphone at iba pa, iwasan ang living space at siguruhing hindi makaabala sa ibang evacuees.
	Pakilagay sa manner-mode ang telepono sa loob ng living space.
	May mga public phones na maaaring gamitin nang libre sa loob ng evacuation area (tatlong units at ang isa nito ay maaaring gamitin para sa international calls). Bigyang konsiderasyon ang ibang evacuees at iwasang tumawag nang napakatagal.
Pagsara sa evacuation area	Magpapalabas ng paunang abiso sa oras na magkaroon ng desisyon sa pagsara sa evacuation area.
Iba pa	Kailangang ipaalam sa samahang nangangasiwa sa evacuation area kung lilipat sa ibang evacuation area, tirahan, tahanan ng kakilala at iba pa.

タガログ語

Shinjuku city